REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Tanggapan ng Sangguniang Bayan**

KAPASIYAHAN BILANG 90-166

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYAN NG KARAPATAN ANG PUNONG BAYAN,MGGL. IGNACIO R. BUNYE UPANG MAIPASEGURO ANG MGA BRANGAY TANOD AT MIYEMBRO NG LUPON TAGAPAMAYAPA NG MGA BARANGAY SA MUNTINLUPA SA TULONG NG GOVERNMENT SERVICE INSURANCE SYSTEM (GSIS) AT HINIHILING NA GUMUGOL NG KARAMPATANG HALAGA ANG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA SA PAGPA-PASEGURO NG MGA BARANGAY TANOD.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang mga Barangay Tanod nahaharap sa iba't-ibang uri ng panganib sa pang-araw-araw na pagsasagawa/pagtupad ng kanilang mga tungkulin;

SAPAGKAT, ang pagpapaseguro ng mga Barangay Tanod at mga miyembro ng Lupon ng Tagapamayapa sa Government Service Insurance System (GSIS) ay makakabawas sa halagang gugulin ng Pamahalaang Bayan kung sakaling sila ang magbabayad sa mga aksidente o kamatayang maaaring matamo ng mga ito habang nagsasagawa/ginagampanan ang kanilang tungkulin;

SAPAGKAT, sa kasalukuyan ang mga Barangay Tanod at mga miyembro ng Lupon ng Tagapamayapa ng mga barangay ay walang natatanggap na suweldo mula sa pamahalaan at nararapat lamang na sila ay maipaseguro sa anu-mang kapahamakang maaari nilang matamo;

SAPAGKAT, sa pamamagitan nito ay sinususugan ang Kapasiyahan Bilang 89-95 at pinawawalang-bisa nito ang pagbibigay ng halagang Sampung Libong Piso (₱10,000) sa barangay tanod na sasakabilang buhay simula sa petsa ng pagkakapatibay ng kapasiyahang ito.

NGAYON,DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpa-siyahan at muling pinagpasiyahan na magpasa ng kapasiyahan na binibigyan ng karapatan ang Punong Bayan, Mggl.Ignacio R. Bunye upang maipaseguro ang mga Barangay Tanod at Miyembro ng Lupon ng Tagapamayapa ng mga Baran-gay sa Muntinlupa sa tulong ng Government Service Insurance System (GSIS) at hinihiling na gumugol ng karampatang halaga ang Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa sa pagpapaseguro ng mga Barangay Tanod at miyembro ng Lupon ng Tagapamayapa.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ngayong ika-1 ng Oktubre 1990 sa kanilang pang 125 pangkaraniwang pulong.

PINAGTIBAY:

Mggl. IGNACIO R. BUNYE
Punong Bayan/Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN:

Mggl. RAUL R. CORRO
Kalihim Pambayan

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

INISPONSOR NINA: Kgg. ROMAN E. NIEFES , KGG. RUFINO B. JOAQUIN AT KGG.VIC CHUA

SINANG-AYUNAN NG BUONG SANGGUIANG BAYAN :KGG.J.R.FRESNEDI, KGG.C.G.TENSUAN, KGG. A.L.MARTINEZ, KGG. E.A.ESPELETA, KGG.R.E.BULAY, KGG.L.B.CONSTANTINO, KGG. R.O.MOZO, KGG. R.C.SMITH AT KGG. N.L.DIAZ